

Pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos

***Pangunahing Talata: "Sapagkat ang lahat ng
ginagabayan ng Espiritu ng Diyos ay mga anak
ng Diyos."
Roma 8:14***

***Piniling Kasulatan:
Roma 8:12-17***

Sa ating Pangunahing Talata, unang beses sa kaniyang mga sinulat ginamit ni Apostol Pablo ang pahayag na "mga anak ng Diyos." Inugnay niya rito ang isang malalim na kinakailangan: upang ituring na anak ng Diyos, dapat tayong "pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos."

Ano ang ibig sabihin ng ginagabayan ng Espiritu ng Diyos? Ito ba ay isang personal o emosyonal na pakiramdam na nararanasan natin? Ang ating pabago-bagong damdamin ay hindi maaasahang sukatan ng pagkakaroon ng Banal na Espiritu ng Diyos. Bukod pa rito, hindi sila mapagkakatiwalaang maggabay sa atin, dahil ang mga damdamin ay higit

na bunga ng ating likas na hilig at maaaring madaling magbago batay sa panlabas na kalagayan.

Hindi dapat ipagkamali ang damdamin sa pananampalataya. Gayunpaman, may kaugnayan ang pananampalataya at ang isang banal na damdamin, na katulad ng ugnayan ng ugat ng halaman at ng bulaklak nito. Ang pananampalataya ay permanente, tulad ng ugat ng isang halaman na palagiang nasa lupa. Ang mga pakiramdam ay may k , ang kanilang "panahon," wika nga, tulad ng mga bulaklak ng isang halaman. Kung paanong ang ugat ng halaman ay hindi namumulaklak sa lahat ng panahon, gayundin naman ang pananampalataya ay hindi palaging nagbubunga ng sukdulang ligaya ng masayang pakiramdam.

Maaaring lumubog ang ating mga pakiramdam at emosyon kapag tayo ay nasa pisikal na sakit, dumaraan sa kahirapan, o nakararanas ng kamatayan ng isang mahal sa buhay. Gayunpaman, ang ating pananampalataya sa Diyos at sa kaniyang mga pangako ay maaaring manatiling matatag. Bilang bunga nito, hindi natin dapat sukatin ang pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos para sa atin batay lamang sa ating mga pakiramdam. Kung ang ating pananampalataya ay nakabatay sa pangakong makasulat na ang Diyos ay hindi nagbabago, ang ating Kristiyanong buhay at pag-ibig ay dadaloy nang tuloy-tuloy na parang malalim na ilog. (Malakias 3:6;

Santiago 1:17). Hindi ito madaling maapektuhan ng matinding lamig, ni mapigilan ng kawalan ng pag-asa.

Hindi pinamunuan ni Moises ang kanyang mga pakiramdam o emosyon nang siya ay nakatayo sa gilid ng Dagat na Pula. Gayundin, hindi si Abraham nang inihandog niya si Isaac, ni ang hukbong Israelita nang pinalibutan nila ang Jerico sa loob ng pitong araw. Hindi ginabayan ang Apostol Pablo ng kanyang mga pakiramdam, ni napaniwala siya ng mga kapatid sa Cesarea, matapos niyang matukoy na kalooban ng Panginoon na pumunta siya sa Jerusalem, kung saan tiyak na may mga gapos na naghihintay sa kanya. Mga Gawa 21:8-14

Hindi tayo pinamumunuan ng Diyos sa pamamagitan ng malinaw na pagsalita sa atin. Gayunpaman, pinamumunuan at tinuturuan Niya tayo sa pamamagitan ng Kaniyang nakasulat na Salita ng ebanghelyo, ang Kaniyang "liwanag" at "katotohanan." (Awit 25:4,5; 43:3; 119:105). Inilalahad ni Apostol Pablo ang ilan sa mga palatandaan na tayo ay pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos. Nagsusumikap ba tayo araw-araw na "lumakad [Griyego: mabuhay, kumilos] hindi ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu?" (Roma 8:4). Ang ating isipan ba ay patuloy na nakatuon sa "mga bagay ng Espiritu?" (talata 5). Ginagawa ba natin

ang lahat ng ating makakaya, sa tulong ng Banal na Espiritu ng Diyos, upang "patayin ang mga gawa" ng ating katawan, kabilang ang lahat ng ating makasalanang hilig? (talata 13; Colosas 3:8,9). Kung gayon, mga palatandaan ito na tayo ay pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos.

Sa ibang bahagi, tinukoy ng apostol ang karagdagang patunay na tayo ay pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos. Kung ang ating layunin ay mas palaguin ang mga bunga ng Espiritu, "pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabaitan, pagkabuti, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili," kung gayon tayo ay pinamumunuan ng Espiritu ng Diyos. (Galacia 5:22,23). Kung tayo ay handang sundan ang mga yapak ng ating Panginoon sa anumang halaga o pagdurusa, ito ay karagdagang mga palatandaan na ang Espiritu ng ating mapagmahal na Maylalang ang gumagabay sa atin. Roma 8:17,18